# Common Ground

**Ang Common Ground Sydney ay nagbibigay ng pabahay para sa mga taong walang tirahan sa matagal na panahon at mga tao na may mababa o katamtamang kita sa loob ng lungsod ng Sydney. Ito ay hango sa matagumpay na modelo ng Common Ground sa New York, na nagbibigay ng permanenteng tirahan at serbisyong pang suporta para matulungan ang mga tao na makamit ang kalusugan at katatagan at lubusin ang kakayahan na mamuhay ng mag-isa.**

## Ang Common Ground Sydney ay isang anim na palapag na gusaling tirahan.

**Sa kabuuan ay mayroong 104 na units. Lahat ng unit ay binuo upang maging ganap na malalapitan at lahat ng apartments ay 100% pangkalahatan ang disenyo. Ang gusali ay dinisenyo upang makamit ang 5 Star Green Rating.**

## Ang Common Ground Sydney ay kakaibang modelo ng pabahay at una sa uri nito sa NSW.

**Ang gusali ay may mga tampok at katangian kasama na ang mga alinsunod sa modelo ng Common Groung gaya ng 24/7 serbisyo ng tagapangasiwa, on-site na suporta at serbisyo sa nangungupahan at iba't ibang halong panlipunan.**

### Pangangasiwa ng Pangungupahan at ng Gusali

**Ang Mission Australia Housing (MAH) ang nagbibigay ng on-site na serbisyong pangangasiwa sa pangungupahan at gusali sa mga oras na:**

**Lunes hanggang Biyernes 9am-5pm**

Ang grupo ng MAH ay makakatulong sa inyo sa bayad sa upa, pagpapapagawa at pagpapaayos o mga katanungan tungkol sa ari-arian.

### Halo ng Nangungupahan

**Mayroong iba't ibang halo ng nangungupahan sa Common Ground at nagbibigay kami ng tirahan sa mga dating matagal na walang tirahan, nangungupahan na karapat-dapat sa panlipunang pabahay, mga estudyante at mababa hanggang katamtaman na kita.**

Ilan sa aming mga nangungupahan ay mayroong pangangailangang pangkalusugan at suporta at mayroong on-site na serbisyong pangkalusugan at suporta na magagamit ng lahat ng nangungupahan sa amin.

### Pangangasiwa

**Para masigurado ang kaligtasan ng mga nangungupahan at ng ari-arian, ang MAH ay nagbibigay ng 24/7 na serbisyo na nangangasiwa. Ang grupong namamahala sa nangungupahan sa MAH ay nagbibigay ng serbisyong pangagasiwa sa mga oras na:**

**Lunes hanggang Biyernes 8am-6pm**

Ang MAH ay kumontrata ng tagapagbigay ng after-hours na serbisyong pangangasiwa sa isang panlabas na kumpanya. Ang tungkulin ng after-hours na tagapangasiwa ay ang siguraduhin na ligtas ang gusali. Sila ay magsasagawa ng regular na pagronda sa gusali at tumugon sa mga insidente, habang nagpapanatili ng 24 oras na access control sa nangangasiwa. Ang panlabas na kumpanyang ito ay hindi makapagbibigay ng anumang serbisyo sa pamamahala ng nangungupahan o suporta.

## Paninigarilyo

**Ang paninigarilyo ay hindi pinahihintulutan sa loob ng ari-arian ng nangungupahan o mga pangkaraniwang lugar sa loob ng gusali.**

Ang paninigarilyo ay pinahihintulutan lamang sa mga balkonahe, mga courtyard at naka-talagang lugar ng paninigarilyo. Mayroong mga ashtray sa mga lugar na ito.

## Parking

**Walang parking na ibibigay para sa mga nangungupahan at mga bisita.**

Ang Local Council ay nagpayo na ang mga permisyo ng parking sa kalsada ay hindi ibibigay para sa mga nangungupahan sa Common Ground.

## Mga Serbisyo ng Suporta

**Ang Camperdown Community Services (CCS) ay nasa on-site, may kaugnayan sa iba pang organisasyon ng komunidad na makakatulong sa mga nangungupahan na panatiliin ang kanilang pag-upa at i-ugnay sila sa lokal na komunidad.**

Ang on-site na suporta na binibigay sa mga nagungupahan ng CCS ay naibabagay at malawak ang saklaw, at aktibong hinihimok ngunit hindi sapilitan at naka disenyo na tulungan ang mga nangungupahan na panatiliin ang pangungupahan.

Ang mga oras ng on-site na serbisyo ng suporta ay 7 araw sa isang linggo sa pagitan ng 8am at 6pm at mayroong 24 oras on-call na suporta.

Ang serbisyong klinikal at suporta sa kalusugan ay pinapamahalaan ng CCS at ang mga serbisyong ito ay maaaring gamitin ng lahat ng nangungupahan sa Common Ground na may ilang mga serbisyo na malapit sa mga residente ng pampublikong pabahay.

## Kaligtasan at Seguridad

**Ang kaligtasan at seguridad ay susing elemento sa disento at pamamahala ng Common Ground. Ito ay binibigay sa pamamagitan ng on-site na 24-oras na serbisyo ng pangangasiwa at ibang angkop (di-mapanghimasok) na paraan ng seguridad, gaya ng regular na pag-ronda, welfare checks at pagmamatyag sa CCTV.**

## Pag-laboy sa paligid

**Ang lugar sa harap ng gusali sa Pyrmont Bridge Road ay pampublikong lakaran at ang pangunahing pasukan ng gusali.**

Ang mga nangungupahan at ibang miyembro ng publiko ay hindi dapat gamitin ang lugar na ito upang lumaboy o umupo at manigarilyo. Ang mga tao ay paiiwasin na gamitin ang lugar na ito dahil maaari itong makaakit ng reklamo galing sa komunidad.

## Access ng Bisita

**Ang mga nangungupahan ay maaaring magkaroon ng bisita sa kanilang ari-arian pero mahalaga na tandaan mo na ikaw ang responsable sa kilos ng iyon mga bisita at habang sila ay nasa Common Ground, kailangan nila siguraduhin na hindi sila nakaka-istorbo ng ibang nangungupahan.**

Kung mayroon kang kaibigan na nais manatili sa mahabang panahon o sinuman na nananatili ng regular, kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong Housing Manager para pagusapan ito. Maaari ka magkaroon ng mga anak na bisita sa iyong tahanan sa pagitan ng mga oras na 8am at 10pm. Ang mga bisista na may edad mababa sa 18 ay hindi maaaring manatili magdamag. Ang mga bisita ay papipirmahin sa rehistro ng mga bisita sa kanilang pagdating. Kahit na hindi sapilitan sa mga bisita na pumirma sa rehistro, hinihimok namin ang lahat ng bisita na gawin ito dahil ito ay makakatulong sa pamamahala ng gusali at sa pagtiyak ng kaligtasan ng nangungupahan at mga bisita.

## Mga Gawaing Libangan

**Ang CCS ay nakikipagtrabaho kasama ang MAH at iba pang panlabas na suportang ahensya, ahensya ng gobyerno at mga organisasyon sa komunidad na pangasiwaan ang mga aktibidad na on-site para sa mga nangungupahan, malapit na residente ng pampublikong pabahay at kung angkop, ang mas malaking komunidad. Ang mga aktibidad na kasama ay:**

- Klase sa pagluluto at nutrisyon
- Mga kasanayan sa pamumuhay ng mag-isa
- RSPCA on-site para sa mga nangungupahan na may alagang hayop

**Mission Australia Housing**
580 George Street, Sydney NSW
1800 269 672
missionaustralia.com.au



Kung kailanga mo ng tulong sa ibang wika, mangyaring makipag-ugnay sa Translating and Interpreting Service (TIS) National sa 131450.